Ang dasal ng lalaki sa isang kongregasyon ay nakahihigit sa dasal niya sa bahay niya at sa dasal niya sa palengke niya nang higit sa dalawampu't higit pang antas

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang dasal ng lalaki sa isang kongregasyon ay nakahihigit sa dasal niya sa bahay niya at sa dasal niya sa palengke niya nang higit sa dalawampu't higit pang antas. Iyon ay dahil sa ang isa sa kanila – kapag nagsagawa siya ng wuḍū' at nagpahusay siya sa pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos pumunta siya sa masjid, na walang nag-uudyok sa kanya kundi ang pagdarasal, na walang ninanais kundi ang pagdarasal – walang hahakbanging hakbang malibang mag-aangat para sa kanya dahil dito ng isang antas at mag-aalis sa kanya dahil dito ng isang kasalanan hanggang sa makapasok siya sa masjid. Kapag naman nakapasok siya sa masjid, siya ay nasa pagdarasal hanggat ang pagdarasal ay nagpapanatili sa kanya. Ang mga anghel ay dumadalangin ng basbas sa isa sa inyo hanggat siya ay nasa inuupuan niya na pinagdasalan niya, na nagsasabi: 'O Allāh, maawa Ka sa kanya; O Allāh, magpatawad Ka sa kanya; O Allāh, tumanggap Ka ng pagbabalik-loob sa kanya.' hanggat hindi siya namemerhuwisyo rito, hanggat hindi siya nasisiraan ng wuḍū' rito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag nagdasal ang Muslim sa isang konggregasyon, ang pagdarasal niyang iyon ay higit na mainam kaysa sa pagdarasal niya sa bahay niya o palengke niya nang higit sa dalawampu't higit pang ulit. Pagkatapos binanggit niya ang kadahilanan kaugnay roon: na ang lalaki – kapag nagsagawa siya ng wuḍū' saka nagpalubos siya ng pagsasagawa ng wuḍū' at nagpahusay nito, pagkatapos lumabas siya papuntang masjid, na walang nagpalabas sa kanya kundi ang pagnanais ng pagsasagawa ng ṣalāh – ay walang hinahakbang na isang hakbang malibang mag-aangat para sa kanya dahil dito ng isang baytang at isang antas at magpapawi sa kanya dahil dito ng isang kasalanan. Kapag pumasok siya sa masjid at naupo habang naghihintay ng ṣalāh, tunay na siya ay kumukuha ng pabuya ng ṣalāh at gantimpala nito hanggat naghihintay siya ng ṣalāh. Ang mga anghel naman ay dumadalangin para sa kanya hanggat nananatili siya sa inuupuan niyang pinagdasalan, habang nagsasabi: "O Allāh, magpatawad Ka sa kanya. O Allāh, maawa Ka sa kanya. O Allāh tumanggap Ka ng pagbabalik-loob sa kanya." Ito ay hanggat hindi nasisira ang wuḍū' niya o hindi siya gumagawa ng ikinapiperhuwisyo ng mga tao o mga anghel.

